Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-29 NG AGOSTO, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 198-C-T2001

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KANYANG KAMAHALAN, KGG. GLORIA MACAPAGAL ARROYO, PANGULO NG BANSA NA MAKAPAGLAAN ANG PAMAHALAANG NASYUNAL PARA SA PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA AT MAPAGKALOOBAN ITO NG HALAGANG DALAWANG MILYON ANIMNARAANG LIBONG PISO (P2,600,000.00) PARA SA PAGTATAYO NG SOLAR PAVEMENT SA BAYSIDE CALLIOS, BAYANG ITO.*

*SAPAGKAT,* ang pondong manggagaling mula sa Local Government Service Equalization Fund ay pangunahing kailangan upang mapalakas ang kakayahan ng pamahalaang lokal na maisulong ang layunin ng mga ahensya ng pamahalaang nasyunal na napalipat ang pamamahala sa pamahalaang lokal;

*SAPAGKAT,* nilalayon ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na makapagtayo ng solar pavement upang matulungan ang mga magsasaka sa pagbibilad ng mga inani at tuloy matulungan sila sa sapat na pangangailangan at pagsuporta.

*SAPAGKAT,* walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna upang makapagpatayo ng Solar Pavement.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. kag. Purita P. Sarmiento at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na mapitagang hilingin sa Kanyang Kamahalan, Kgg. Gloria Macapagal Arroyo, Pangulo ng Bansa na makapaglaan ang pamahalaang nasyunal para sa pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna at mapagkalooban ito ng halagang P2,600,000.00 para sa pagtatayo ng solar pavement sa Bayside, Callios, bayang ito.

*PINAGPASIYAHAN PA:* Na ipadama ang taos-pusong pasasalamat sa Kgg. Gloria Macapagal Arroyo, na patuloy na nagmamalasakit para sa kapakanan ng bansang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Gloria Macapagal Arroyo, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

9/17/2001